Kapag dumating ang Ramaḍān, binubuksan ang mga pinto ng Paraiso, ipinipinid ang mga pinto ng Impiyerno, at iginagapos ang mga demonyo."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Kapag dumating ang Ramaḍān, binubuksan ang mga pinto ng Paraiso, ipinipinid ang mga pinto ng Impiyerno, at iginagapos ang mga demonyo."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kapag sumapit ang buwan ng Ramaḍān, nangyayari ang tatlong pangyayari: Una. Binubuksan ang mga pinto ng Paraiso sapagkat walang ipinipinid na pinto mula sa mga iyon. Ikalawa. Ipinipinid ang mga pinto ng mga Impiyerno sapagkat walang binubuksang pinto mula sa mga iyon. Ikatlo. Tinatalian ang mga demonyo at ang mga tagapaghimagsik na jinn ng mga tanikala kaya hindi sila makaaabot sa naaabot nila dati sa hindi Ramaḍān. Ang lahat ng iyon ay isang pagdakila sa buwang ito at isang pagpapaibig sa mga tagagawa ng karamihan ng mga pagtalima gaya ng ṣalāh, kawanggawa, dhikr, pagbigkas ng Qur'ān, at iba pa rito, at ng paglayo sa mga pagkakasala at mga pagsuway.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/10107